
2

# Sining

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3:
## Kaya Ko, Kaya Mo!



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sining– Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Kaya Ko, Kaya Mo!**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**BUMUO SA PAGSUSULAT NG MODYUL**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Micaela Jane C. Ponce<br>Maedelyn G. Ordonio |
| **Editor:** | Ramon J. De Leon, PhD<br>Engelbert B. Agunday, EdD |
| **Tagasuri:** | Charina S. Sogue |
| **Tagaguhit:** | Maedelyn G. Ordonio |
| **Tagalapat:** | Micaela Jane C. Ponce<br>Maedelyn G. Ordonio |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, PhD, CESO V<br>Librada M. Rubio, PhD<br>Ma. Editha R. Caparas, EdD<br>Nestor P. Nuesca, EdD<br>Priscilla D. Sanchez, PhD<br>Ever M. Samson<br>Josephine S. Tabangay |

**<u>Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III</u>**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Sining

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3:
## Kaya Ko, Kaya Mo!

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Sining 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Kaya Ko, Kaya Mo!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Sining 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Kaya Ko, Kaya Mo!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
|  *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Pagkatapos ng aralin na ito, ikaw ay inaasahang makatutukoy ng halimbawa ng 3-dimensiyonal (3D) na likhang sining na matatagpuan sa inyong komunidad base sa hugis, tekstura, proporsiyon at balanse.
(A2EL-IV-b)



## Subukin

Panuto: Ilagay ang / kung ang isinasaad ng pangungusap ay tama at X kung mali. Ilagay ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Maaaring hugis parihaba o parisukat ang kahon ng regalo.

2. Ang panyo na aking ginagamit ay maaaring maging hugis tatsulok depende sa paraan ng pagkakatupi nito.


3. Ginagamit panggatong ang kahoy na may teksturang magaspang at matigas.

4. Ang papel, plastic at mga bagay na walang kapal ay halimbawa ng 3-dimensiyonal na bagay.

5. Halimbawa ng 3-dimensiyonal na mga gamit ay ang mga kahon, bola, lamesa, telebisyon at iba pang gamit na may kapal.







# Aralin 1 Kaya Ko, Kaya Mo!

Ang mga likhang sining ng bawat komunidad ay nakikilala sa pamamagitan ng mga karakter nito. Sa iyong batang kaisipan, kaya mo nang matukoy ang mga bagay na 3-dimensiyonal base sa hugis at tekstura nito.

## *Balikan*

Panuto: Lagyan ng hugis parisukat □ kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga lokal na produkto at bilog ◯ kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Paborito kong magpalipad ng saranggola kasama ang aking kuya at tatay.

2. Itinatapon ko na ang mga luma kong laruan kahit maaari pa itong gamitin.

3. Ginagamit ng aking nanay ang bayong o bag na gawa sa rattan upang paglagyan ng mga gamit.

4. Hinihikayat ko ang aking nanay at tatay na gamitin ang mga produkto ng ating bansa.

5. Hindi ko binibili ang mga produkto ng ating bansa dahil hindi ito nakasunod sa uso.

## Tuklasin

Kaya ko, Kaya mo!

ni Micaela Jane C. Ponce

Hindi ko maintindihan kung bakit gustong gusto ng mga kaklase ko ang larong basketbol. Sa tingin ko, mapapapagod at hihingalin lang ako sa pagtakbo. Hindi kasi ako mahilig sa mga isports. Pero unti-unting nabago ang mga nakasanayan kong gawin ng maging kaibigan ko si Adler. Madali lang pala ang paglalaro ng basketbol. Kalaunan, naging hilig ko na rin ito.

Isa sa mga nilalaro rin namin ay ang pagpapalipad ng saranggola, pagpapagulong ng mga laruang sasakyan, o di kaya naman ay ang paggawa ng mga robot gamit ang mga ekstrang karton sa bahay.

Mula noon, natutuhan kong pahalagahan ang mga bagay na aking nakikita sa paligid dahil magdudulot ito ng pakinabang sa akin. Tulad ngayon, gumagawa kami ng mga laruan gamit ang mga napulot naming gamit. Hindi na kailangang bumili. Ako nga pala si Janus, kung kaya ko, kaya mo rin!



## *Suriin*

Panuto: Sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pangalan ng magkaibigan?

   a. Adler at Mark    b. Janus at Mark
   c. Janus at Adler    d. Ben at Adler

2. Ano ang itinurong laro ni Adler kay Janus?

   a. basketbol    b. sipa
   c. balibol    d. video games

3. Ano ang ginamit nila sa paggawa ng robot?

   a. bakal    b. plastik    c. yero    d. karton

4. Piliin mo ang mga gamit na maaaring gawing laruan.


   a. karton    b. plastik
   c. papel    d. lahat ng nabanggit

5.Para kay Adler, ang larong ito ay nakahihingal at nakapapagod.

   a. basketbol    b. sipa
   c. balibol    d. video games

Ang 3-dimensiyonal na likhang sining ay ang mga bagay na may kapal at ating mga nahahawakan. Ang mga halimbawa nito ay ang mga sumusunod: walis, parol, upuan, lamesa, paso, plorera, mga ceramics at iba pa.

Ang tekstura ay isa sa elemento ng sining na tumutukoy sa katangian ng ibabaw ng anumang bagay. Masasabi ang tekstura sa pamamagitan ng pagdama o paghipo sa mga ito. Ang tekstura ay maaaring maging makinis, magaspang, malambot, matigas, makapal, manipis, madulas, mapino, at mabalahibo.



Ang hollow blocks ay ginagamit sa paggawa ng bahay at mga gusali. Ang tekstura nito ay magaspang, makapal at may katamtamang tigas.

Ang kahoy ay maaaring gamiting panggatong at mga kagamitan sa tahanan. Ito ay maaaring makapal o manipis, at magaspang o makinis






Ang hugis ay naglalarawan sa panlabas na katangian. Ang bilog, parisukat, parihaba, tatsulok, pahilis at iba pa ay halimbawa ng hugis.




Ang gatas ay masustansya at kailangan ng ating katawan. Ang lalagyan nito ay hugis parihaba.

Ang traffic cones ay makikita sa mga kalsada o daanan upang magbigay ng mga direksiyon. Ang hugis nito ay tatsulok.





## Pagyamanin

### Gawain 1


Panuto: Hanapin sa Hanay B ang kapares na hugis ng 3-dimensiyonal na gamit sa Hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

Hanay A

1. 


2. 

3. 

4. 


5. 

Hanay B

a. 

b. 

c. 

d. 

## Gawain 2

Panuto: Piliin mo ang mga bagay o gamit na 3-dimensiyonal. Lagyan ng / kung ito ay 3D at X kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.


1. regalo



2. papel




3. panyo



4. bola



5. kahoy



## Gawain 3

Panuto: Punan ang mga patlang nang nawawalang titik upang mabuo ang mga bagay na hinihingi. Unawain ang mga kahulugan upang matulungan kang buuin ito.

1. l_pi_ at p_mbu_a
(mga kagamitan ito sa pag-aaral)

2. tel_b_sy _n at r_dy_
(Ginagamit ito upang mapanuod at mapakinggan ang mga balita)

3. K_h_n ng r_ga_l_
(Hugis parisukat o parihaba ito na ginagamit upang ilagay ang bagay na ibibigay.

4. k_w_li at ka_er_la
(kasangkapan sa pagluluto)

5. pl_t_ at b_s_
(kasangkapan sa pag-kain)

# *Isaisip*

Ano ang mga natutuhan mo sa modyul na ito? Alam mo ba na ang mga 3-dimensiyonal na bagay ay maaaring matagpuan sa iyong komunidad?

Ang mga 3-dimensiyonal na bagay ay ang mga gamit na may kapal at iyong nahahawakan. Nagkakaiba-iba ang mga gamit na ito depende sa tekstura at hugis.

# *Isagawa*

Panuto: Ilagay ang tama kung wasto ang ipinapahayag ng pangungusap at isulat ang mali kung hindi wasto. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang kahon ng sapatos na ibinigay ni nanay ay hugis parihaba.

2. May teksturang magaspang at matigas ang paso ng halaman.

3. Maaari kang gumawa ng kahon ng iyong sapatos gamit ang matigas na papel o karton.

4. Malambot at hindi masakit sa paa ang aking tsinelas.

5. Manipis ang binili kong walis upang hindi ito agad masira.

# Tayahin

Panuto: Markahan ng 1-3 ayon sa iyong pagsasagawa. Gawin ito sa iyong sagutang papel

3- Naisagawa

2- Di-gaanong naisagawa

1- Di-naisagawa

| Gawain | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| 1.Natutukoy ko ang mga halimbawa ng 3-dimensiyonal na gamit sa aking komunidad. | | | |
| 2. Nakabubuo ako ng mga gamit ng aking balat dahil o laruan na gawa sa mga bagay na matatagpuan sa aking komunidad o lugar. | | | |
| 3. Alam ko ang pagkakaiba ng 3-dimensiyonal sa 2-dimensiyonal na bagay. | | | |
| 4.Nauunawaan ko na ang 3-dimensiyonal ay may ibat-ibang hugis at tekstura. | | | |
| 5.Ang hindi na ginagamit na kahon at plastik ay ginagawa kong 3-dimensiyonal na bagay. | | | |

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Gumuhit ng limang 3-dimensiyonal na gamit o likhang sining na matatagpuan sa iyong komunidad. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

Pamantayan sa pagguhit ng larawan:

- Pagkamalikhain- limang (5) puntos
- Kaangkupan sa Paksa- limang (5) puntos
- Kalinisan at Kaayusan- limang (5) puntos

| Aralin 2 | Paggawa ng Saranggola |
|---|---|

Ang kakayahan ay ating paunlarin. Nagagamit ang ating kakayahan sa pagbuo ng mga bagay na maituturing bilang isang magandang sining.

Nagpapalawak ng imahinasyon upang makagawa ng kapaki-pakinabang na likhang sining tulad ng saranggola na mula sa mga bagay na nakikita sa kapaligiran. Sa araling ito, mauunawaan mo kung ano ang tamang paggawa ng saranggola na may wastong proporsiyon at balanse.

## *Balikan*

Panuto: Sumulat ng 3-dimensiyonal na bagay na makikita sa inyong pamayanan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. ________________________
2. ________________________
3. ________________________
4. ________________________
5. ________________________

## Tuklasin

6. Kantahin ang awit sa himig ng Leron Leron Sinta



**Aking Saranggola**

ni Maedelyn G. Ordonio

Aking saranggola na lilipad-lipad,
Iba't ibang kulay, iyong makikita.
Patpat, papel, tali, hugis nito'y iba,
Balanse'y kailangan upang makalipad.

Ako'y tuwang-tuwa sa aking nagawa,
Mga munting bagay mayroong halaga.
Ating kakayahan laging paunlarin,
Upang itong buhay palaging masaya.

## Suriin

Ano-anong bagay ang ginamit sa paggawa ng saranggola na binanggit sa awit?

Maraming mga patapong bagay ang maaari pang pakinabangan at gawing likhang sining. Sa paggawa ng sining dapat tandaan ang pagkakaroon ng balanse at proporsyon.


Ang balanse at proporsyon ay nagtataglay ng pagkakatulad ng timbang o sukat ng hugis, laki at kulay sa magkabilang panig.

Isang halimbawa ng likhang sining nito ay ang saranggola.




## Gawain 1


Panuto: Isulat ang titik ng tamang pagkakasunod-sunod ng mga larawan sa paggawa ng saranggola. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

## Gawain 2

Panuto: Lagyan ng ✓ kung ang mga sumusunod na pangungusap ay nagsasaad ng wastong paraan ng paggawa ng saranggola at X naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ilagay ang tali sa ibabang bahagi at sa pinagtalian ng dalawang patpat .
2. Makalilipad nang maayos ang saranggola kung ang pagkakalagay ng tali ay may balanse at proporsyon.
3. Gupitin ang papel de hapon sa hugis na nais para sa saranggola.
4. Itali ang dalawang piraso ng patpat at idikit ang papel de hapon sa pamamagitan ng pandikit.
5. Maaaring magdikit ng iba't ibang disenyo upang bumigat ang saranggola.

**Gawain 3**

Panuto: Isulat ang tama kung ito ay nagpapahayag ng pagkakaroon ng balanse at proporsyon at mali naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang magkatulad na hugis at laki sa bawat sulok ng sining ay mayroong balanse.
2. Binibigyang pansin ang pagkakatulad ng kulay, hugis at espasyo.
3. Ang balanse ay ginagamit sa pagtitimbang ng mga bagay.
4. Ang balanse at proporsyon ay mahalaga sa paggawa ng sining.
5. Hindi binibigyang pansin ang mga kulay sa isang disenyo.

## *Isaisip*

Sa paggawa ng _________ siguraduhin ang _________ at __________ng pagkakagawa at paglalagay ng tali upang ito ay makalipad nang maayos.

Ang pagpapalipad ng saranggola ay dapat naaayon sa direksiyon ng hangin upang ito ay lumipad ng mataas at matagal.


# *Isagawa*

Panuto: Ilabas ang mga kagamitan at gumawa ng saranggola sa patnubay ng magulang. Sundin ang mga pag-iingat sa paggawa nito.

### Mga kagamitan

- Dalawang piraso ng patpat
- Papel de hapon
- Pandikit
- Tali


### **Mga hakbang sa paggawa**




1. Pagkabitin ang dalawang piraso ng patpat at itali ito.




2. Gupitin ang papel de hapon sa hugis na dyamante na kasukat lamang ng patpat na pinagkabit. Matiyak ang pagkakaroon ng proporsiyon



3. Idikit ang papel de hapon sa patpat na pinagkabit sa pamamagitan ng pagdidikit ng papel sa bawat gilid



4. Lagyan ng tali sa bandang ibaba at sa pinagtalian ng dalawang patpat



5. Siguraduhin na balanse ang pagkakalagay ng tali upang ito ay makalipad ng maayos

Subukin mong paliparin ang iyong saranggola sa labas ng inyong bahay.Sundin ang tamang pamamaraan sa pagpapalipad nito. Tiyakin muna ang kaligtasan ng lugar.

## *Tayahin*

Panuto: Gamitin ang talahanayan sa ibaba upang malaman ang kakayahan mo sa paglikha at pagpapalipad ng saranggola. Lagyan ng ✓ ang angkop na kahon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| Pamantayan | OO | HINDI |
|---|---|---|
| 1. Nakasunod ba ako sa tamang pamamaraan sa paggawa ng saranggola? | | |
| 2. Napanatili ko ba ang pagkakabalanse ng aking gawa? | | |
| 3. Napalipad ko ba nang maayos ang aking ginawang saranggola? | | |
| 4. Nakalipad ba nang mataas at matagal ang aking saranggola? | | |
| 5. Naipagmalaki ko ba sa iba ang aking ginawang sining? | | |

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang tama kung ito ay nagpapahayag ng kawastuan tungkol sa paggawa ng saranggola at mali kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang saranggola ay nangangailangan ng tamang balanse at proporsyon.
2. Nakagagawa ng saranggola mula sa recycled materials.
3. Tinatawag na likhang sining ang paggawa ng saranggola.
4. Ang pagpapalipad ng saranggola ay nakapagpapadama ng kasiyahan.
5. Ang paggawa ng saranggola ay nakapagdudulot ng kalat sa paligid.

# Susi sa Pagwawasto

Aralin 1
Subukin
1./
2. /
3./
4.x
5./

Balikan
1. parisukat
2. pabilog
3. parisukat
4. parisukat
5. pabilog

Suriin
1. C
2. A
3. D
4. D
5. A

Pagyamanin
Gawain 1
1. C
2. A
3. B
4. A
5. D

Gawain 2
1. /
2. X
3. X
4. /
5. /

Gawain 3
1. Lapis at pambura
2. Telebisyon at radyo
3. Kahon ng regalo
4. Kawali at kaserola
5. Plato at baso

Isagawa
1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. mali

Tayahin at Karagdagang Gawain

| Iskor | Kahulugan |
|---|---|
| 15 | May 100% na pagkatuto sa aralin. Napakahusay. |
| 11-14 | May 75% to 95% na pagkatuto. May potensyal na mapagyaman ang kaalaman. |
| 6-10 | May 40% to 70% antas ng pagkatuto. May ipinakikitang kakayahan ngunit nangangailangan ng higit na pansin sap ag-aaral. |
| 0-5 | 0% to 35% na pagkatuto. Bigyan ng sapat na tutok ang pag-aaral. Lubos na gabay ng guro at magulang ang kailangan. |

Aralin 2- Pagyamanin

Gawain 1
1. D
2. B
3. C
4. A
5. E

Gawain 2
1. /
2. /
3. X
4. /
5. X

Pagyamanin

**Gawain 3**
1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Mali

Karagdagang Gawain
1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Mali

# *Sanggunian*


Department of Education. 2013. K to 12 Health Curriculum Guide. Unang Edisyon. Pasig City. Acessed aate July 10, 2020. https://www.deped.gov.ph/wp-content/ uploads/2019/01/Health-CG_with-tagged-math-equipment.pdf

Department of Education. 2020. Most Essential Learning | Search Results | Department of Education. deped.gov.ph. Acessed date July 31, 2020. https://www.deped. gov.ph/?s=most +essential+learning.

DepEd Order No 30, s. 2019. The Department of Education Manual of Style. Ebook. Pasig City: Public Affairs Service-Publications Division Department of Education Central Office. Accessed July 10, 2020. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/10/DO_s2019_030-2.pdf.

Oabel, Edna C., et al. 2013. Music, Art, Physical Education and Health-Ikalawang Baitang, Kagamitan ng Mag-aaral. Pasig City. DepEd-IMCS

Oabel, Edna C., et al. 2013. Music, Art, Physical Education and Health - Ikalawang Baitang, Patnubay ng Guro. Pasig City

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph